8

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kwarter 2

Aralin 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kwarter 2: Aralin 3 (Linggo 3)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panunurang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Leo A. Tolentino (Vicente P. Trinidad National High School - Valenzuela)

**Tagasuri:**

- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahong ng pananakop ng Estados Unidos at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *video* o animasyon na isinasalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>**1.** Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa<br>**2.** Natutukoy ang layunin, mensahe, pahiwatig at kaisipan sa binasang sanaysay<br>**3.** Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao<br>**4.** Nauunawaan ang tekstong persweysib gamit ang mga kasanayang pang-akademiko (gaya ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya) |
| **D. Nilalaman** | **Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos**<br>Sanaysay : Maling Edukasyon sa Kolehiyo<br>ni Jorge Bacobo |
| **E. Integrasyon** | Pagpapahalaga sa Oras |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Bocobo, J. (2024). Linggo-6-Sanaysay-1. Retrieved May 6, 2024, from Coursesidekick.com website: https://www.coursesidekick.com/english/6526806

De Leon, F. (n.d.). Sanaysay - Filipino Time. Retrieved May 21, 2024, from Pamanang Kalinangan website: https://www.geocities.ws/doonposaamin1022/sanaysay.html

EDITORIAL - Out of school. (2023, September 27). Retrieved May 30, 2024, from Philstar.com website: https://www.philstar.com/opinion/2023/09/27/2299241/editorial-out-school#:~:text=In%202022%2C%20according%20to%20the

Komisyon sa Wikang Filipino. (n.d.). - Diksiyonaryo. Retrieved May 20, 2024, from diksiyonaryo.ph website: https://diksiyonaryo.ph/search/

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**UNANG ARAW**

**1. Maikling Balik-aral**

**HANAP-SALITA** – Hanapin sa kahon ang salita na tinutukoy sa ibinigay na kahulugan sa ibaba kaugnay ng paksang natalakay sa nagdaang aralin.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | U | N | G | G | A | L | I | A | N |
| A | A | M | A | K | G | B | T | Y | D |
| U | L | G | E | O | A | U | A | R | U |
| H | C | A | P | T | L | O | L | E | L |
| A | B | D | F | U | P | H | J | N | A |
| N | Q | P | Y | M | A | K | O | T | N |
| R | T | A | U | V | W | N | N | I | G |
| S | N | B | A | N | G | H | A | Y | X |


1. Paglalaban ng dalawang panig na humuhubog sa tauhan at nagtutulak sa mga pangyayari sa kuwento
2. Mga tao o personahe na nagpapagalaw sa kuwento o salaysay
3. Lugar o lunan na pinangyarihan o pinagganapan ng mga pangyayari sa isang salaysay o kuwento
4. Tumutukoy sa daloy o ayos ng mga pangyayari sa isang kuwento
5. Uri ng akdang pampanitikan na nakasulat ng papangungusap o patalata

**2. Pidbak (Opsiyonal)**
Ipasagot sa mga mag-aaral:


Magbigay ang klase ng iba pang mga elemento ng dula na natalakay sa nagdaang aralin. Bigyan ito ng sariling pagpapakahulugan.


**Mga Tamang Sagot:**

1. TUNGGALIAN
2. TAUHAN
3. TAGPUAN
4. BANGHAY
5. TULUYAN



| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | U | N | G | G | A | L | I | A | N |
| A | A | M | A | K | G | B | T | Y | D |
| U | L | G | E | O | A | U | A | R | U |
| H | C | A | P | T | L | O | L | E | L |
| A | B | D | F | U | P | H | J | N | A |
| N | Q | P | Y | M | A | K | O | T | N |
| R | T | A | U | V | W | N | N | I | G |
| S | N | B | A | N | G | H | A | Y | X |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**PANGHIKAYAT NA GAWAIN.** Basahin ang talata. Sagutin ang tanong pagkatapos. Punan ng sagot ang balance graphic organizer.<br><br>*Ayon sa artikulong inilathala ng PhilStar Global noong Setyembre 27, 2023, para sa taong 2022, ayong sa pag-aaral na isinagawa ng PSA (Philippine Statistics Authority), 18.6% ng mga Pilipino na may edad na 5-24 ay hindi nakapag-aaral. Nangangahulugan ito na 7.85 milyong kabataan ang di nakapagtatapos at ilan sa mga dahilan na binanggit sa pag-aaral ay paghahanapbuhay para sa pamilya, kawalan ng interes na mag-aral, pagpapakasal at labis na kahirapan.*<br><br>***Ngunit gaano ba kahalaga na makapagtapos ka ng pag-aaral?***<br><br><br>Batay sa sagot ng mga mag-aaral, tukuyin ng mga mag-aaral kung alin ang mas may matimbang na halaga? Ano ang nais nitong sabihin sa mga mag-aaral? | Para sa **PANGHIKAYAT NA GAWAIN** (balance graphic organizer), narito ang link ng artikulo,<br><br>*https://www.philstar.com/opinion/2023/09/27/2299241/editorial-out-school#:~:text=In%202022%2C%20according%20to%20the,college%20or%20post%2Dsecondary%20degree*.<br><br>Maaari din na dagdagan o bawasan ng mga mag-aaral ang kahon depende sa kanilang magiging sagot sa tanong.<br><br>Tumawag ng mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot sa harap ng klase. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**SUM-Salita**. Tukuyin ang sagot sa tanong sa pamamagitan ng pagsama-sama ng mga ibinigay na salitang Ingles. Pagkatapos ay gamitin ito sa sariling pangungusap.<br><br>1. Ano ang tawag sa pahayag na sumasalungat sa sarili, kakatwa sa unang malas ngunit maaaring totoo?<br>Ball + In + Tuna<br>2. Anong tawag sa ginawang hindi totoo para sa layuning iligaw ang paniniwala ng ibang tao?<br>Pan + Lee + Lean + Lang<br>3. Ano ang tawag sa umiiral na kaisipan, moda, estilo, at iba pa, sa loob ng isang panahunan o lipunan?<br>Call + Lock + Car + Run<br>4. Ano ang tawag sa pagdudulot ng wakas sa anuman o kamatayn sa isang tao o hayop?<br>Fog + Kitty + Eel<br>5. Ano ang tawag sa isang taong mapagdunung-dunungan?<br>Feed + Ant + Tick + Oh! | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. balintuna<br>2. linlang<br>3. kalakaran<br>4. pagkitil<br>5. pedantiko<br>Maaaring palitan ng guro ang mga salitang ingles ng mga larawan para sa mas kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa: Maling Edukasyon sa Kolehiyo ni Jorge Bacobo**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Maghinuha ang mga mag-aaral patungkol sa pamagat ng sanaysay. Tungkol saan kaya ito? | Link ng "Maling Edukasyon sa Kolehiyo":<br>https://www.coursesidekick.com/english/6526806 |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Gawain 1. GAGABAYANG PAGBASA :** Ipabasa ang bawat bahagi ng teksto. Sagutin ang gabay na sagot sa bawat bahagi.<br><br>**"MALING EDUKASYON SA KOLEHIYO"**<br>*ni Jorge Bocobo*<br><br>(1)Isa kayang posibilidad na sa halip na maging tunay na edukasyon ang itinuturo sa kolehiyo ay maling edukasyon? Ang sagot ko dito ay "oo." Isa itong kabalintunaan, subalit hindi maitatatwang katotohanan. Naniniwala tayong lahat sa kahalagahan ng edukasyon sa unibersidad, kung kaya't tayo ay nag- aaral sa mga unibersidad. Datapwat, katulad ng mga paraan upang mapaunlad ang pamumuhay, magagamit ang edukasyon upang magtayo, maggupo, magturo o manlinlang.<br><br>***Tanong 1****: Ayon sa talata, saan maaaring gamitin ang edukasyon?*<br><br>(2)Nagkaroon ako ng pagkakataong suriin ang mga kalakaran at kaisipan sa loob ng sampung taon ng paglilingkod sa Unibersidad ng Pilipinas. Karamihan sa mga estudyante ay nakatupad sa inaatas sa kanilang tungkulin sa ilang aspekto ng unibersidad. Subalit malungkot aminin na ang kilos at pag-iisip ng maraming estudyante ay nagbibigay-daan sa pagkabansot ng isipan, sa pagkatuyo ng puso at sa pagkitil sa kaluluwa. Tatalakayin ko ang tatlong paraan ng maling edukasyon na binabayaran ng mga estudyante ng mataas na matrikula at di-mabilang na sakripisyo.<br><br>***Tanong 2****: Ano ang natuklasan ng manunulat sa ginawa niyang pagsusuri sa mga kalakaran at kaisipan sa paglilingkod sa Unubersidad ng Pilipinas?*<br><br>(3)Una, nariyan ang di rasyunal na pagsamba sa pahina. "Ano ang sinasabi ng aklat?" ang pinakamahalagang tanong sa isip ng mga estudyante tuwing kakaharapin nila ang mga suliranin na kinakailangang gamitan ng pangangatwiran. Maraming estudyante ang halos mabaliw sa paghagilap ng impormasyon hanggang sa maging kasintaas ang mga ito ng bundok at ang isip ay madaganan ng datos. Wala nang ginawa ang estudyante kundi ang mag-isip kung papaano dadami ang impormasyong hawak nila; Sa ganoon, nawawala ang kanilang kakayahang mag-isip sa malinaw at makapangyarihang paraan. Nakalulungkot makinig sa kanilang pagtatalo at talakayan. Sapagkat dahop sila sa katutubong sigla ng malinaw na pangangatwiran, puno ang kanilang talakayan ng walang kawawaang argumento sa halip ng malusog na pangangatwiran at wastong pag-iisip. | Para sa **Gagabayang Pagbasa**: Maaaring ang guro ang magbasa habang hawak ng mga mag-aaral ang sagutang papel. Pagkabasa ng talata at tanong, bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral na sumagot. Iminumungkahi na ang bilang 1 ay gawing halimbawa ng guro upang maging malinaw sa klase ang magiging paraan ng pagsagot.<br><br>Iwasto agad ang bawat bahagi ng pagsasanay.<br><br>Tanggapin ang sagot ng mag-aaral sakali at malapit na ito sa mungkahing sagot.<br><br>***Tanong 1****: Ayon sa talata, saan maaaring gamitin ang edukasyon?*<br><br>***Mungkahing Sagot****: Magagamit ang edukasyon upang magtayo, maggupo, magturo o manlinlang.*<br><br>***Tanong 2****: Ano ang natuklasan ng manunulat sa ginawa niyang pagsusuri sa mga kalakaran at kaisipan sa paglilingkod sa Unubersidad ng Pilipinas?* |

| | | |
|---|---|---|
| | (4)Sa gayon, isinusuko ng mga estudyante ang kanilang kakanyahan sa mga aklat na nagbibigay-daan sa pagkawala ng kanilang iwing 6arapatan ang mag-isip para sa kanilang sarili. At kung nagtangka silang gumawa ng sariling pasya, ipinakita nila ang kanilang pagiging pedantiko. Mananatiling mapanlinlang ang edukasyon hanggang hindi nalilinang ng mga estudyante ang kakayahan nilang mangatwiran sa isang tama at mapanariling paraan.<br><br>***Tanong 3:*** *Ano ang ipinahihiwatig ng pahayag na "di rasyunal na pagsamba sa pahina?"*<br><br>(5)Ihambing ang mga estudyanteng mahilig sa pagkutingting sa kaalaman ng mga Juan dela Cruz sa baryo. Kakaunti lamang ang nabasa ni Juan dela Cruz; hindi pinapurol ng di natutunaw ng impormasyon ang kanyang iwing talino; tiwalag ang kaniyang isip sa katakut-takot at mabibigat na impormasyong hinakot mula sa aklat. Matalim ang kaniyang pang-unawa, mahusay ang kaniyang pagpapasya, matalino ang kaniyang mga kuro-kuro. Pasaring na wiwikain niya sa matalinong pilosopong: "Lumabis ang karunungan mo?"<br><br>***Tanong 4:*** *Ano-anong katangian mayroon si Juan dela Cruz sa baryo?*<br><br>(6)Pangalawa, ginawang pangunahin at panghuling layunin ng maraming estudyante ang pagiging mahusay at propesyunal. Ipinasya nilang maging mahusay na abogado, mediko, inhinyero at magsasaka. Hindi na ako titigil pa upang usisain kung gaano kabigat na sisi ang ilalatag sa pintuan ng unibersidad dahil sa hindi makatwirang emfasis sa espesyalisasyon. Hindi maitatatwang malakas ang kalakarang naturan, subalit hindi man lamang tayo mag-isip upang tingnan ang kabayaran nito. Isa ang ating paniniwala: naniniwala ako na walang kabuluhan ang edukasyon kung hindi nito pinalalawak ang pananaw ng tao, pinalalalim ang kaniyang kakayahang dumamay at pinaghahandog ng gabay tungo sa matalinong pagkukuro at malalim na damdamin. Ngunit, paano natin maaasahan ang ganitong bunga mula sa kondisyong kung saan na nagiging hamak na listahan ng batas ang isang estudyante sa abogasya, isang preskripsyon ang taong magiging manggagamot, isang pormula ang isang inhinyero? Ilan sa mga estudyante natin sa kolehiyo ang nagbabasa ng panitikan? Hindi nga ba natin tinatanong kung hindi tunay na kinikitil ng labis na emfasis sa espesyalisasyon nakaaantig na pang-unawa sa kagandahan at ang dakilang pagmamahal sa mga maiinam na bagay na taglay ng ating mga estudyante, at maaari nilang pabungahin sa isang makapangyarihang kakayahan? Winika nga ni Keats:"panghabambuhay na kaligayahan ang anumang bagay na puno ng kagandahan." Subalit batid natin na batay sa panlasa ang kagandahan. Kung hindi natin malilinang ang wastong pagkilala sa mga kagandahan at kadakilaan, mananatiling payak at nakababagot ang ating kapaligiran.<br><br>***Tanong 5:*** *Ayon sa manunulat, kailan walang kabuluhan ang edukasyon?*<br><br>(7)Maaga tayong gumigising at lumalabas sa umaga subalit winawalang- bahala ng ating kaluluwa ang umasa ng katahimikan at ang katamisang hatid ng hamog sa madaling- | ***Mungkahing Sagot****: Natuklasan niyang nakatupad sa inaatas na tungkulin ang karamihan sa mga estudyante subalit nalungkot siya sa kilos at pag-iisip nila na nagbibigay-daan sa pagkabansot ng isipan.*<br><br>***Tanong 3:*** *Ano ang ipinahihiwatig ng pahayag na "di rasyunal na pagsamba sa pahina?"*<br><br>***Mungkahing Sagot:*** *Ito ang pag-iisip ng mga mag-aaral na kung sasagot sila sa mga tanong, ibabatay lamang nila ang sagot sa kung ano ang nakasulat sa aklat na hindi lumilinang sa kakayahan nilang mangatuwiran sa isang tama at sariling paraan.*<br><br>***Tanong 4****: Ano-anong katangian mayroon si Juan dela Cruz sa baryo?*<br><br>***Mungkahing Sagot****: Si Juan dela Cruz sa baryo ay kakaunti lamang ang nabasa subalit hindi mapurol ang talino, matalim ang pag-unawa, mahusay magpasya at matalinong magkuro.*<br><br>***Tanong 5:*** *Ayon sa manunulat, kailan walang kabuluhan ang edukasyon?*<br><br>***Mungkahing Sagot:*** *Naniniwala ang manunulat na walang kabuluhan ang edukasyon kung hindi nito pinalalawak* |

| | | |
|---|---|---|
| | araw. Ating namamalas ang maraming bituin sa gabi, subalit para lamang silang makintab na bato hindi binibigyan ng lunas ng kanilang maamong liwanag ang ating puso; at hindi natin nararanasan ang nakagugulat at nakaantig ng kaluluwang may paghanga sa dakilang pagkakaisa ng sansinukob. Tinatamaan tayo ng pinilakang liwanag ng buwan subalit hindi natin nararamdaman ang katahimikan sa mga sandaling ito. Minamasdan natin ang mga matataas na bundok subalit hindi tayo naakit sa kanilang tahimik na kapangyarihan. Nakababasa tayo ng walang-kamatayang tula subalit hindi tayo maantig sa kanilang tinig, at waring isang pangitaing madaling mawala ang kanilang malalim na kaisipan. Ating sinusuri ang isang estatwa na taglay ang walang lipas na kagandahan ng guhit at iba pang katangian subalit para sa atin ay isa lamang itong kopyang walang halaga. Sabihin ninyo sa akin, iyan ba ang uri ng buhay na dadayuhin sa kolehiyo? Subalit ang labis na espesyalisasyon na hinahabol ng mga estudyante ng buong sigla ay itinakdang magbubunga ng ganitong uri ng buhay na walang damdamin at singtuyo ng alikabok.<br><br>***Tanong 6.*** *Anong uri ng buhay ang ibubunga ng maling edukasyon na binabanggit ng manunulat sa bahaging ito ng akda?*<br><br>(8)Maaari kong sabihin na mahusay ang edukasyon ng naunang salinlahi. Sinasabi ng mga nakatatanda sa atin, at sila ay may katwiran, na hindi nalilinang ng bagong edukasyon ang puso, di tulad ng mga naunang edukasyon.<br><br>***Tanong 7:*** *Ayon sa akda, ano ang pagkakaiba ng naunang edukasyon sa bagong edukasyon?*<br><br>(9)Panghuli, pinalalabo ng ganitong espesyalisasyon na nakapako sa tagumpay sa propesyon sa hinaharap, ang pananaw sa buhay. Nanganganib na maging makitid ang ating pilosopiya sa buhay sapagkat nasanay na tayong mag-isip ng tungkol sa maalwang buhay na 7aborato. Oo nga't kailangan nating maging praktikal. Hindi natin lubusang masasagot ang katanungan kung hindi natin lilinangin ang wastong saloobin at paniniwala at nang sa gayon ay maihiwalay natin ang latak 7aborato, ang ipa sa palay ng buhay. Dapat natin isagawa ito hindi pagkaraan ng pagtatapos kung hindi bago magtapos sa unibersidad; sapagkat kung tapos na ang lahat, ang suma at ang kakanyahang edukasyon ay ang pormulasyon ng layunin ng buhay, kalakip ang tanging kasanayan sa isang aspekto ng karunungan upang magkaroon ng katuparan ang layunin ng buhay sa isang mabisang paraan. Subalit paano natin maihahanay ang mga 7aborat ng ating pilosopiya sa buhay kung lahat ng ating 7abora ay iniuukol sa paggawa ng takdang-aralin, sa mga pag-eksperimento sa 7aboratory at kung walang tigil ang ating pagtanggap ng impormasyon.<br><br>***Tanong 8:*** *Anong uri ng buhay ang iniisip ng mga mag-aaral na nakapako lamang sa tagumpay ng propesyon?*<br><br>(10)Muli, nararapat magsiupo ang mga estudyante sa paanan ni Juan dela Cruz na kakaunti ang pinag-aralan upang matutuhan nila ang tunay na karunungan. Madalas siyang tawaging mangmang, subalit siya ang pinakamarunong sa mga pinakamarunong, sapagkat | *ang pananaw ng tao, pinalalalim ang kaniyang kakayahang dumamay at pinaghahandog ng gabay tungo sa matalinong pagkukuro at malalim na damdamin.*<br><br>***Tanong 6****. Anong uri ng buhay ang ibubunga ng maling edukasyon na binabanggit ng manunulat sa bahaging ito ng akda?*<br><br>***Mungkahing Sagot****: Buhay na walang damdamin at sing-tuyo ng alikabok.*<br><br>***Tanong 7:*** *Ayon sa akda, ano ang pagkakaiba ng naunang edukasyon sa bagong edukasyon?*<br><br>***Mungkahing Sagot:*** *Ang naunang edukasyon ay lumilinang sa puso, di tulad ng bagong edukasyon.*<br><br>***Tanong 8****: Anong uri ng buhay ang iniisip ng mga mag-aaral na nakapako lamang sa tagumpay ng propesyon?*<br><br>***Mungkahing Sagot****: Isang buhay na nanganganib na maging makitid ang pilosopiya sapagkat nasanay na mag-isip ng tungkol sa maalwang buhay na materyal. Isang buhay na labis ang pagiging praktikal, na hindi nalinang ang wastong saloobin at paniniwala.* |

| | | |
|---|---|---|
| | natuklasan na niya ang kaligayahan ng taong nakababatid ng dahilan kung bakit nabubuhay. Hindi taglay ni Juan dela Cruz ang kanyang kababaang-loob ang adhika at ang "ambisyon na labis ang taas." Mapapahiya ang maarte at kumplikadong alituntunin at gawi ng mga edukadong babae at lalaki kung itatabi sa payak at matibay na mga katangian ni Juan dela Cruz. Kulang ang anumang papuri para sa katatagan ng loob ni Juan dela Cruz sa gitna ng kahirapan. Matibay na batayan ng isang buhay na lipunan ang pagmamahal niya sa tahanan, kalakip ang walang balatkayong katapatan. Napatunayan na rin ang kanyang pagmamahal sa bayan. Maaari bang matuto ang ating edukasyon kay Juan dela Cruz o baka naman hindi sila pinagiging karapat-dapat na maging estudyante ni Juan dela Cruz ng ating edukasyon?<br><br>***Tanong 9****: Ano-anong mga katangian ni Juan dela Cruz na binanggit sa talata?*<br><br>(11)Sa pagwawakas, napansin ko sa mga estudyante natin ang nakagagambalang babala ng di-wastong edukasyon. Ilan dito ang mga sumusunod: kakulangan sa sariling pasya at pagmamahal sa walang-lamang pilosopiya, dahil na rin naman sa pagsamba sa pahina at nagmamadaling paghahanap ng mga impormasyon; ang unti-unting pagkitil sa kakayahang maantig na kagandahan at kadakilaan dahil na rin sa espesyalisasyon at ang pagpapabaya sa tungkuling-bigyang katuturan ang pilosopiya sa buhay na bunga ng labis na empasis sa pagsasanay tungo sa pagiging isang propesyunal.<br><br>***Tanong 10:*** *Ano ang paksa ng teksto?* | **Tanong 9**: Ano-anong mga katangian ni Juan dela Cruz na binanggit sa talata?<br><br>**Mungkahing Sagot**: Ang mga katangian ni Juan dela Cruz ay 1)kakaunti ang pinag-aralan, 2)natuto ng tunay na karunungan, 3)tinatawag na mangmang subalit pinakamarunong sa pinakamarunong, 4)natuklasan ang kaligayahan at dahilan kung bakit nabubuhay… at iba pa.<br><br>***Tanong 10****: Ano ang paksa ng teksto?*<br><br>***Mungkahing Sagot****: Mali o di-wastong edukasyon.* |
| | **IKATLONG ARAW**<br>**Gawain 2. Pagtapat-tapatin –** Pagtapat-tapatin ng mga mag-aaral ang pahiwatig mula sa akda sa angkop na kahulugan nito.<br><br>1. pagkabansot ng isipan — A. maraming kaalaman<br>2. pagkatuyo ng puso — B. makita ang mahalaga sa hindi<br>3. impormasyong kasingtaas ng bundok — C. hindi natuto<br>4. buhay na singtuyo ng alikabok — D. pagtitiyaga sa trabaho<br>5. ihiwalay ang latak sa ginto — E. pagiging manhid<br>F. walang halaga<br><br>**Gawain 3. Anong Layon? –** Piliin ng mga mag-aaral sa kahon sa ibaba ang angkop na layon ng mga piling pangungusap mula sa teksto. Ipaliwanag ng mag-aaral ang kanilang sagot. | **Mga Tamang Sagot:**<br><br>1. C<br>2. E<br>3. A<br>4. F<br>5. B<br>Maaaring magbigay ng iba pang pahiwatig mula sa akda ang mga mag-aaral at ibigay nila ang kahulugan nito. |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Datapwat, katulad ng mga paraan upang mapaunlad ang pamumuhay, magagamit ang edukasyon upang magtayo, maggupo, magturo o manlinlang.<br>2. Tatalakayin ko ang tatlong paraan ng maling edukasyon na binabayaran ng mga estudyante ng mataas na matrikula at di-mabilang na sakripisyo.<br>3. Wala nang ginawa ang estudyante kundi ang mag-isip kung papaano dadami ang impormasyong hawak nila; Sa ganoon, nawawala ang kanilang kakayahang mag-isip sa malinaw at makapangyarihang paraan.<br>4. Muli, nararapat magsiupo ang mga estudyante sa paanan ni Juan dela cruz na kakaunti ang pinag-aralan upang matutuhan nila ang tunay na karunungan.<br>5. Sa pagwawakas, napansin ko sa mga estudyante natin ang nakagagambalang babala ng di-wastong edukasyon.<br><br>**mangaral magpaliwanag magmulat magturo magpaisip**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Filipino Time ni Felipe de Leon**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Itanong sa klase: Anong oras ba ang "Filipino Time?"<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**SURING-SANAYSAY**: Basahin ang akdang "Filipino Time," ni Felipe de Leon. Tukuyin ng mga mag-aaral ang paksa, layon at ideya ng sanaysay. Punan ng sagot ang talahanayan.<br><br>**FILIPINO TIME**<br>*ni Felipe Padilla de Leon*<br><br>Isa sa napakapangit na kinagawian nating mga Pilipino ay ang pagiging lagi nang huli sa takdang oras na pinagkasunduan. Karaniwan nang ang isang palatuntunan ay hindi nasisimulan sa oras na dapat ipangsimula dahil sa wala pa ang panauhing pandangal o kaya'y ang punong abala ng palatuntunan; gayon din, kulang pa rin ang mga tauhang magsisiganap, o kung hindi naman kaya'y wala pa rin ang madlang siyang dapat sumaksi sa palatuntunan kung kaya't naaantala tuloy ang lahat. | Para sa **Gawain 3. Anong Layon?**, maaaring mag-iba-iba ng sagot ng mga mag-aaral. Markahan ang sila batay sa pagpapaliwanag sa kanilang sagot.<br><br>Link ng akdang Filipino Time:<br>https://www.geocities.ws/doonposaamin1022/sanaysay.html |

Sa mga tanghalang pangmusika, tulad ng opera, konsiyerto, resital at iba pang kauri ng mga ito, ay isang karaniwan nang pangyayari ang pagiging lagi nang huli ng madlang manonood. Gayon din sa papupulong ng iba't ibang samahan, kapatiran o kapisanan, kahit na nga ang mga ito'y binubuo pa ng mga taong wika nga'y may sinasabi o pinag-aralan, ay napangawitan na ng marami sa atin ang dumating nang huli sa pinag-usapang oras. Ito ang sanhi kung bakit naging palasak na ang bukambibig na "Filipino time," o Oras Filipino, na ang ibig sabihin ay sira, walang katiyakan pagka't lagi nang atrasado. Tunay na nakatatawang-nakakaawa para sa isang bansang katulad ng sa atin na naghahangad na magkaroon ng isang marangal at mataas na kalagayan sa lipunan ng mga bansang bihasa't malalaya kung maringgan natin ang ating mga kababayan ng gaya ng mga sumusunod na pananalita: Hoy, mamayang ika-pito ng gabi, "American time;" "Partner, baka mahuli ka sa takdang oras, hindi Filipino time ang usapan natin;" o kaya'y "Ayoko ng Filipino time, usapang maginoo ito, ha?" at marami pang katulad nito na ang ibig sabihin ay dahop na dahop sa pagkamaginoo at hindi dapat pagkatiwalaan ang isang Pilipino dahil sa siya'y marunong tumupad sa oras na napag-usapan.

Sa ganitiong pangyayari, na ang oras ng mga Pilipino o "filipino time" ay sira at walang kaganapan, ay maaari rin naming sabihin na ang mga Pilipino pala ay sira na katulad ng ating orasan ay ano naman kaya ang hinaharap ng isang BANSA na ang mga mamamayan ay palagi nang sira at walang katiyakan sa pagtupad napagkasunduan.

**Talahanayan ng Pagsusuri**
**Filipino Time**

| PAKSA | LAYON | IDEYA | MENSAHE |
|---|---|---|---|
| | | | |

**IKAAPAT NA ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay (para sa dalawang teksto)**

**Pangkatang Gawain. TANGHALANG KLASE –** Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Magtala ng kaisipang natutuhan mula sa dalawang sanaysay (Maling Edukasyon sa Kolehiyo at Filipino Time). Mula rito, magsadula ng isang maikling *skit* na nagpapakita ng mga pangyayaring aktuwal na nagaganap sa buhay estudyante.

*Halimbawa:*

*Kaisipan:* *Mula sa talata 10 ng Maling Edukasyon sa Kolehiyo, "kailangang maging matatag sa gitna ng kahirapan."*

*Sa pagsasadula, maaaring magpakita ng isang mag-aaral na nagsisikap na makapagsagot ng takdang aralin sa bahay kahit na gasera lamang ang ilaw na gamit sa pag-aaral.*

Pagkatapos ng *skit*, sagutin ang mga tanong sa pagpapaliwanag ng pangkat:

1. Anong katangian at karanasan ng tao ang ipinakita sa dula?
2. Ano ang iyong pananaw (opinyon) kaugnay nito?
3. Batay sa isinadula, anong mabuting katangian ang dapat taglayin ng isang mag-aaral?

**RUBRIKS NG PAGMAMARKA SA SKIT**

| **KRAYTERYA** | **LUBHANG KASIYA-SIYA (3)** | **KASIYA-SIYA (2)** | **NALILINANG (1)** |
|---|---|---|---|
| **KAANGKUPAN SA PAKSA** | Naipakita ang mga pangyayaring aktuwal na nagaganap sa tunay na buhay | May ilang eksenang hindi aktuwal na nagaganap sa tunay na buhay | Maraming eksena ang hindi nagpakita ng aktuwal na nagaganap sa tunay na buhay |
| **PAG-ARTE** | Mahusay ang pagganap (dayalogo, kilos, ekspresyon ng mukha) | Hindi gaanong mahusay ang pagganap (dayalogo, kilos, ekspresyon ng mukha) | Hindi mahusay ang pagganap (dayalogo, kilos, ekspresyon ng mukha) |
| **KOOPERASYON** | Nakiisa ang lahat ng kasapi | May ilang kasapi na hindi aktibo sa pagsasadula | Maraming kasapi ang hindi aktibo sa pagsasadula |
| **PAGKAMALIKHAIN** | Mahusay at makatawag-pansin ang pagsasadula | May katamtamang husay ang pagsasadula | Salat sa kahusayan at di-makatawag-pansin ang pagsasadula |

Para dalawang teksto, sabay na ang gawain sa Paglalapat at Pag-uugnay: Hatiin ang klase sa apat na pangkat, dalawa ang magsasadula kaugnay ng Maling Edukasyon sa Kolehiyo at dalawang pangkat din sa Filipino Time.

<table>
<tr><td>D. Paglalahat</td><td>

1. Pabaong Pagkatuto

TATAK SALITA – Batay sa mga pinag-aralang mga paksa sa linggong ito, magbigay ang mga mag-aaral ng “isang salita” na natatandaan nila kaugnay nito.

<table>
<tr><th>PAKSA</th><th>ISANG SALITA</th></tr>
<tr><td>1. Layon</td><td>Halimbawa: Layunin</td></tr>
<tr><td>2. Mensahe</td><td>Ipinararating</td></tr>
<tr><td>3. Pahiwatig</td><td>Matalinhaga</td></tr>
<tr><td>4. Pananaw</td><td>Opinyon</td></tr>
<tr><td>5. Kaisipan</td><td>Ideya</td></tr>
</table>

2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>
Pagnilayan ang pahayag sa ibaba. Ipaliwanag ng ilang mag-aaral.

“Pilipino akong may Karunungan<br>
Edukasyon ay Pagsusumikapan,<br>
Magmadali at huwag magpaliban,<br>
Dahil Filipino Time is On-Time.”

</td><td>Para sa Pagninilay at Pagkatuto, ito rin ang magiging Gawaing Pantahanan. Tingnan ang panuto sa ibaba. Ito na rin ang bahaging integrasyon (Pagpapahalaga sa Oras).</td></tr>
</table>

<table>
<tr><th colspan="2">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td>

1. Pagsusulit

LMP – Isulat ang L kung layunin, M kung mensahe at P kung pahiwatig ang nilalaman ng pangungusap.

___1. Ninanais ng mga manunulat na Pilipino na mapag-aralan ang wikang Ingles upang subukin ang sarili sa wikang Internasyunal.<br>
___2. Magsaliksik ka at magbasa-basa ka ng mga iba pang sanaysay na nasulat sa panahong tayo ay sakop ng mga Amerikano.<br>
___3. Napasailalim man sa kamay na bakal, naniwala pa rin ang mga Pilipino na sa bawat takip-silim ay may darating na tagumpay.

</td><td>

Mga Tamang Sagot:

1. L<br>
2. M<br>
3. P<br>
4. L<br>
5. M<br>
6. P<br>
7. L

</td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">___4. Binago ang sistemang pulitikal ng Pilipinas sa hangarin na ipakilala ang pamahalaang demokrasya.<br>___5. Pagyamanin mo ang kultura at panitikan na siyang pagkakakilanlan ng isang maipagmamalaking lahi.<br>___6. Marami man ang binawian ng buhay, sumibol naman ang isang panibagong binhi ng mga manunulat na makabayan.<br>___7. Ipinakalat ng mga dayuhang puti ang pagpapakilala sa edukasyon upang mas madaling maituro ang kanilang pansariling kultura at wika.<br>___8. Layon ng mga manunulat sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos na magsulat upang magkaroon ng ganap na paglaya sa mga dayuhan.<br>___9. Halos pagbagsakan ng langit at lupa ang mga lumaban sa mga Amerikano, subalit nanatiling hindi namamatay ang apoy ng paghahangad sa kasarinlan.<br>___10. Palitan natin ng pananalig ang panatisismo sa sinaunang paniniwala at relihiyon.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br><br>Sumulat ng isang talatang may 5 pangungusap na nagpapaliwanag sa saknong sa bahaging Pagninilay at pagkatuto. Ipasa sa guro.</td>
<td>8. L<br>9. P<br>10. M</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="4">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="4">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |